



Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


**1**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ika-apat na Markahan – Modyul 2
## Simula ng Pangungusap, Talata at Kuwento



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Renamie P. Maglinte |
| **Editor:** | Jocelyn G. Lopez |
| **Tagasuri:** | Rizalyn II P. Camado, Mary Ann O. Mandao, Jenni Lou S. Forro |
| **Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** | |
| **Tagalapat:** | EPS Florencio R. Caballero, DTE |
| **Tagapamahala:** | SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI |
| | ASDS Visminda Q. Valde, EdD |
| | ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE |
| | CID CHIEF Juliet A. Magallanes, EdD |
| | EPS Florencio R. Caballero, DTE |
| | EPS Josephine L. Tomboc, EdD |




# Alamin

Kumusta mga ginigiliw kong mag-aaral sa unang baitang! Marami ba kayong natutunan nakaraang modyul? Ngayon naman ay sasamahan kitang maglakbay at matuto sa panibagong aralin. Sa modyul na ito, matutunan mo ang pagtukoy sa simula ng pangungusap, talata at kwento at pagtukoy ng mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Natutukoy ang simula ng pangungusap, talata at kuwento. **( F1AL-IIIe-2)**
- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang napakinggan. **( F1PN-IVa-16)**



# Balikan

Basahin ang kuwento. Pansinin ang mga salitang magkatugma.

*Maaga pa'y ginising na ni Nanay.*
*Pinalitan agad aking damit na pambahay.*
*Sumakay kami sa isang jeep na makulay.*
*Saan kaya ako dadalhin ni Nanay?*
*Isang malaking lugar aming narating*
*Nagsisigawang mga tao*

*Makukulay na mga lobo*
*Ano kaya ang lugar na ito?*
*Masarap na tinapay binili ni nanay*
*Lahat ay inilagay sa bayong na makulay*
*Ngunit may isang nakabalot*
*Kanino kaya ito iaabot?*

***Source:*** *Calatrava, Sacho C., Arabella Mae Z. Soniega, Josephine Sabile, et. Al, Bumasa at Sumulat Filipino 1 Kagamitan ng Mag-aaral, Republika ng Korea, Principia Co., 2017, 134-135.*

Isulat ang salitang katugma ng sumusunod:

1. Nanay - ____________________
2. tao - _________________________
3. tinapay - ___________________
4. aming - ____________________
5. nakabalot - ________________



# Tuklasin

A. Panuto: Kung babasahin mo ang pangungusap sa ibaba, saan ka magsisimula? Ituro mo.

Sa isang malayong bayan, nakatira ang mga taong malakas ang boses.

**Basahin Mo.**

***Sa*** *isang malayong bayan, nakatira ang mga taong malakas ang boses maliban sa isang batang babae.*

***Ang*** *lahat ay nag-alala. Ang lahat ay nagtaka. Bakit walang boses ang isa sa kanila? Kaya't katulong ang mga magulang nagsimulang hanapin ng batang walang boses ang kaniyang nawawalang tinig. Pero kahit saan, hindi ito matagpuan.*

*Isang araw, nagpasya ang batang walang boses na hanaping mag-isa ang kaniyang tinig. Inakyat ang bundok, nilangoy ang mga dagat, lumipad sa himpapawid, naglakad sa mahabang daan, ngunit hindi pa rin natagpuan ang nawawalang boses.*

*Dahil sa pagod at lungkot na nadarama, napaupo na lamang siya sa isang tabi. At doon napansin niya ang isang lalaking abala sa pagpipinta ng magagandang bagay sa kapaligiran.*

*Ito na ang sagot sa kaniyang problema. Sa wakas nahanap na niya ang sagot sa kaniyang matagal nang tanong.*

*Ang papel at ang kaniyang pangkulay. Siya ngayon ang may pinakamalakas na boses sa kanilang bayan.*

***Source:*** *Calatrava, Sacho C., Arabella Mae Z. Soniega, Josephine Sabile, et. Al, Bumasa at Sumulat Filipino 1 Kagamitan ng Mag-aaral, Republika ng Korea, Principia Co., 2017, 149.*

**Sagutin:**

1. Ano ang problema ng bida sa kuwento?
2. Ano ang ginawa niya upang mahanap ito?
3. Paano siya nagkaroon ng pinakamalakas na boses?

Basahin ang mga salitang may salungguhit, ito ay isang pangungusap. Ang isang talata o kuwento ay binubuo ng mga pangungusap tulad nito.

Pansinin naman ang nakakahon. Ito naman ay isang halimbawa ng talata. Ito ay pinagsama-samang pangungusap.

B. Panuto: Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Sikat ang pamilya nina Don Fuego at Donya Luz. Sa kanilang lugar, sila at ang kanilang mga anak ay may pinakamagagandang kislap ng ilaw sa katawan. Kaya't pinakaabangan ng lahat ang pagsilang ng bunso sa pamilya.

Ngunit laking gulat ng lahat, isang alitaptap na walang kislap ang isinilang. Sa kabila ng lahat, pinilit pa rin niya na maging normal ang kaniyang buhay. Pero sadyang hindi siya tanggap ng kaniyang mga kapatid. Taboy dito, taboy doon.

Isang araw, isang malakas na sigaw ang kaniyang narinig. Isang sigaw na nagmumula sa isang may takip na garapon. Doon ay nakita niya ang mga kapatid.

Walang makalapit, walang makatulong. Lahat ay nakatago sa takot sa batang munti na nagmamay-ari ng garapon. Maliban kay Dindo na buong tapang na lumapit, pinilit sirain ang plastik na nakatakip sa munting garapon.

Sa isang iglap, lahat ay nakalipad palayo sa batang malupit. Salamat sa isang alitaptap na walang kislap.

***Source:*** *Calatrava, Sacho C., Arabella Mae Z. Soniega, Josephine Sabile, et. Al, Bumasa at Sumulat Filipino 1 Kagamitan ng Mag-aaral, Republika ng Korea, Principia Co., 2017, 203-204.*

***Panuto: Punan at bumuo ng mga salita sa sumusunod na pangungusap na ukol sa kwentong binasa.***

1. Sikat sa buong bayan ang pamilya nina __________at_______.
2. Ang lahat ay nananabik sa paglabas ng ______________ sa pamilya.
3. Ngunit paglabas ni Dindo wala siyang __________sa katawan.
4. Nakarinig si Dindo ng isang malakas na ____________.
5. Nakita niya ang kaniyang mga kapatid sa isang ___________.
6. Buong tapang niyang ___________ang kaniyang mga kapatid.

Ano – ano ang sagot mo sa mga patlang? Ang mga salitang ibinigay mo ay sumasagot sa mga tanong na <u>sino</u>, <u>ano</u>, <u>saan,</u> <u>kailan,</u> <u>bakit</u> at <u>paano.</u>



# Suriin

**Pista Na**



<u>**Maraming** pagkain ang inihanda ni Aling Sula.</u> May adobo, kaldereta, hipon, alimasag at pritong manok. Nasa gitna ng mesa ang mga prutas.

**May** dalandan, mansanas, saging, pakwan at mangga. Inihanda ni Cristy ang mga pinggan, tasa, kutsara at tinidor. Si Nestor naman ang nag-ayos ng mga silya. Siya rin ang naglinis ng buong bakuran.

Darating ang tiyo at tiya nila. Darating ang kanilang lolo at lola. <u>Darating din sina Ferdie at Luz.</u>

"Pista nga!" ang sabi ni Nestor. Tuwang – tuwa sina Nestor at Cristy. <u>Tuwang – tuwa sila nang makita ang mga nakahanda sa mesa.</u>

***Source:*** *Santos, Marites S., Nilda S.D. Garcia, Sining sa Wika at Pagbasa 1, Marikina City, J. C. Palabay Enterprises, Inc. 1998, 155-156.*

Sagutin:

1. Sino ang naghanda ng pagkain?
2. Ano – ano ang mga inihandang pagkain?
3. Saan nakalagay ang prutas?
4. Anong okasyon ang tinutukoy sa kuwento?
5. Bakit masaya sina Cristy at Nestor?

Ang mga nakasalungguhit na salita ay tinatawag na pangungusap. Ang nakakahon naman ay isang halimbawa ng talata. Sa pagbabasa ng pangungusap o talata, **simulang basahin ang mga unahang salita.** Tingnan ang mga nakaitim na salita sa kuwento, nagpapahiwatig ito na dito simulan ang pagbabasa.

Ang mga tanong na sino, ano, saan, kailan, bakit at paano naman ay ginagamit upang masabi ang mga detalye na bubuo sa bawat pangungusap.



# Pagyamanin

A. Basahin at salungguhitan ang simula ng bawat pangungusap.
1. Natakot si Nina sa pagkawala ng kaniyang boses.
2. Hinanap ni Nina ang kaniyang nawawalang boses.
3. Natutuhan ni Nina na gumuhit ng magagandang bagay sa kaniyang kapaligiran.
4. Natagpuan ni Nina ang kaniyang boses sa mga lapis at pangkulay.

B. Isulat ang mga detalye sa pinakinggang kuwento tungkol sa pamilya nina Don Fuego at Donya Luz na sasagot sa mga tanong na nasa talaan. Gawin ito sa isang malinis na papel. Sundan ang tsart na ibinigay.

| Sino | saan | kailan | ano | bakit | paano |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

C. Sinisimulan ang pagbasa ng pangungusap, talata, o kuwento sa __________________.

Ang mga detalye ng isang teksto ay sumasagot sa mga tanong na ________, __________, __________, __________, __________, at ____________.



# Isaisip

- Sinisimulang basahin ang isang pangungusap o talata sa **unahang salita** nito.
- Sa pagtukoy ng mahahalagang detalye ng isang kuwento, kailangang matukoy mo ang mga salita na sasagot sa tanong na **sino**, **ano**, **saan**, **kailan**, **bakit** at **paano**.



# Tayahin

***A. Panuto: Basahin ang maikling kuwento at bilugan kung saan dapat magsimula sa pagbasa nito.***

Matulunging bata si Roel. Maaga siyang gumigising upang tulungan ang kaniyang nanay. Pinakakain niya ang matataba nilang alagang manok. Winawalisan ang maliit nilang bakuran at dinidiligan niya ang mga halaman na may makukulay na bulaklak na alaga ng kaniyang ate.

***Source:*** *Calatrava, Sacho C., Arabella Mae Z. Soniega, Josephine Sabile, et. Al, Bumasa at Sumulat Filipino 1 Kagamitan ng Mag-aaral, Republika ng Korea, Principia Co., 2017, 219.*

***B. Panuto: Isulat ang detalye mula sa larawan na sasagot sa sumusunod na tanong. Sundan ang tsart sa ibaba.***



*Source: Bumasa at Sumulat Filipino 1 Kagamitan ng Mag-aaral, p. 206*

| Sino? | Saan? | Ano? | Kailan? | Bakit? |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |



# Karagdagang Gawain

Ano ang nais mong sabihin kapag may kakilala kang katulad ng bata sa kwentong binasa mo sa ikalimang pahina na walang boses?

______________________________________________________________

___________________________________________________

Iguhit ang pagtulong na ginawa ni Dindo sa kaniyang mga kapatid upang makalabas sa garapon.

# Susi ng Pagwawasto

**BALIKAN:**

1. Nanay – pambahay/makulay
2. tao – lobo/ito
3. tinapay – inilagay/makulay
4. aming – narrating/malaking
5. nakabalot - iaabot

**TUKLASIN:**

A.
1. wala siyang boses
2. inakyat niya ang bundok, nilangoy ang mga dagat, lumipad sa himpapawid at naglalakad sa mahabang daan
3. sa pamamagitan ng kaniyang papel at pangkulay

B.
1. Don Fuego at Donya Luz
2. bunso
3. ilaw
4. sigaw
5. garapon na may takip
6. tinulungan

**PAGYAMANIN:**

**A.**
1. Natakot
2. Hinanap
3. Natutuhan
4. Natagpuan

**B.** iba- ibang sagot

**C.**

Unang salita

Sino, ano, saan, kailan, bakit at paano

**TAYAHIN:**

**A.**

Matulunging

Maaga

Pinakakain

Winawalisan

B.

Iba – ibang sagot

**Karagdagang Gawain:**

Iba – ibang sagot

# Sanggunian


Calatrava, Sacho, Soniega, Arabella Mae, and Sabile, Josephine. *Bumasa at sumulat Filipino 1: Kagamitan ng mag-aaral*, Republika ng Korea, Principia Co., 2017.

Department of Education. *Most essential learning competencies.* Philippines: Department of Education, 2020.

Santos, Marites, and Garcia, Nilda. *Sining sa wika at pagbasa 1.* Marikina City: J. C. Palabay Enterprises, Inc., 1998.